Sa GAP I PROTECTION PLUS

Pagsasalin sa Tagalog

Pagpapaubaya Sa Tulong Para Sa Pagkakautang Addendum

PAGPAPALISTA

	Pangalan	Direksiyon	Lungsod	Estado	Zip
Dealer:					

MAHALAGA: ILIMBAG

	Apelyido	Unang Pangalan - Inisyal	Buwan	Araw	Taon
Bumibili/Naglelease:					

	Kalye	Lungsod	Estado	Zip
Direksiyon:				

	Taon	Yari	Modelo	Mileage	Numero para sa Pagkakakilanlan ng Sasakyan
Sasakyan:					

	Pangalan	Direksiyon	Lungsod	Estado	Zip
Institusyong Pinansiyal/Ang Nagpapautang:					

	Halagang Pinautang/Kabuuang Halaga ng Lease	Buwanang Bayad	Takdang panahon sa mga Buwan	Presyo sa Pagpapalista
❑ Kontrata ng Pagbili nang Hulugan	$	$		$
❑ Utang				
❑ Lease				

❑ **BAGONG SASKYAN:** ❑ **GAMIT NA SASAKYAN:**

Tadhana Ng Addendum ("Kasunduan") Sa Pagpapaubaya Sa Tulong Para Sa Pagkakautang

Naiintindihan ko na hindi handog ng pagseguro itong Pagpapaubaya Sa Tulong Para Sa Pagkakautang. Naiintindihan ko na sa aking pagtanggap ng Addendum Sa Pagpapaubaya para sa aking kontrata ng pagbili nang hulugan, pagkakautang o paglelease na pinauubaya ko ang aking pananagutan para sa anumang "**Di Pa Nababayarang Pagkakautang**" kung sakaling mawasak nang lubos, ninakaw at hindi na makukuhang muli o hindi na magagamit ang sasakyan na inilalarawan sa itaas, na hindi hihigit sa $50,000. Ang kahulugan ng "**Di Pa Nababayarang Pagkakautang**" ay ang diperensiya sa pagitan ng umiiral na halaga ng aking sasakyan sa pamilihan at ang netong bayad sa kontrata ng pagbili nang hulugan/pagkakautang/paglelease sa petsa ng pagkawala, dagdag ang halaga ng primaryang deductible ng seguro ng kotse kung saan naaangkop alinsunod sa itinatakda sa seksiyon(II) ng "Kasunduan" na nasa likod nitong addendum.

Mga Eksepsiyon: Kayo ay hindi babayaran alinsunod sa GAP AGREEMENT na ito para sa mga halaga ng balanse ng di pa nababayaran ng kontrata ng pagbili/pagkakautang o paglelease sa Petsa ng Pagkawala na nauukol sa mga bagay na ito: 1) Interes, natipong mga singil sa pagrenta o iba pang singil sumunod sa petsa ng pagkawala; 2) Mga hulog sa pagkakautang o mga buwis na di-nababayaran, mga atrasadong singil o interes; 3) Mga singil na maibabalik muli, kasama pero hindi limitado sa mga kontrata ng serbisyo, segurong binabayaran ang pagkakautang kung mamatay o maaksidente at magkasakit; o 4) Ang bahagi ng orihinal na halagang tinustusan/buong halaga ng lease na higit sa 150% ng manufacturer's suggested retail price (MSRP) para sa isang bagong sasakyan o 150% ng average retail value ng isang gamit nang sasakyan sa panahon ng pagbili na ginagamit sa pagkalkula nito ang NADA Automotive Value Guide para sa rehiyon.

Ang Umiiral na Halaga sa Pamilihan ay mangangahulugang ang mas malaki:
a) sa presyo para sa mamimili ng nakasegurong sasakyan gaya ng itinatakda ng kasalukuyang buwang edisyon ng NADA o Kelly Book sa rehiyon, o ang mga iba pang presyo sa pamilihan; o b) sa halaga ng nakasegurong sasakyan ayon sa itinakda ng inyong primaryang seguro.

Allowance para Sa Pinapalit na Sasakyan

Tatanggap kayo ng diskuwentong allowance na $1,000 sa halaga ng pagbili o paglelease ng pinapalit na sasakyan mula sa tinutukoy sa itaas na orihinal na pinapalitan ang sasakyan na hindi na magagamit. Kailangan kayong bumalik sa Dealer/Institusyong Pinansiyal sa binabanggit sa itaas para bumili ng/bayaran ang kapalit na sasakyan sa loob ng animnapung (60) araw pagkatapos ng settlement ng primaryang seguro, o magwawakas ang Allowance para sa Kapalit na Sasakyan. Ibabayad sa Dealer/Institusyong Pinansiyal ang Allowance para sa Kapalit na Sasakyan sa panahong nagpakita ng pagpapatunay na binawas ang $1,000 sa inyong pagbili ng kapalit na sasakyan. Walang itinakdang halaga para sa pakinabang na ito.

❑ Ipinagbibigay-alam ko sa pamamagitan nito na aking binasa, naiintindihan at tinatanggap ang lahat ng mga kondisyon na nakalimbag sa magkabilang pahina nitong Addendum, at sumasang-ayon ako sa lahat ng mga kondisyon na nilalaman nito. Kusang loob ang pagbili ng Addendum Sa Pagpapaubaya Sa Tulong Para Sa Pagkakautang at hindi ito iniuutos ng Institusyong Pinansiyal/Nagpapauntang para makautang ako. Gusto kong bilhin itong Kasunduan.

Tinatanggap Ng Bumibili/Naglelease _____ Kinatawan Ng Dealer _____

Tinanggihan ang Addendum Sa Pagpapaubaya Sa Tulong Para Sa Pagkakautang

❑ Ayaw kong bumili ng addendum sa pagpapaubaya sa tulong para sa pagkakautang. Naiintindihan ko na si aking hindi pagtanggap ng addendum sa pagpapaubaya, wala akong karapatan sa anumang mga pakinabang kung sakaling hindi na magagamit ang sasakyan.

Tinanggihan ng Bumibili/Naglelease _____ Petsa _____

I. Mga Kahulugan:

1. Ang Nakasegurong Sasakyan ay mangangahulugang ang bagay na inilalarawan sa pahina 1 nitong Kasunduan na hindi ginagamit para pangkarera o pangkalakal.
2. Ang Kami, Namin, Aming ay mangangahulugang ang Dealer na tinutukoy dito na ang Administrador nito ay nagkakaloob ng mga serbisyong pangadministratibo alinsunod dito sa GAP na Pagpapaubaya ng Kasunduan.
3. Ang Kayo, Inyong ay mangangahulugang ang Mamimili/Customer gaya ng inilalarawan sa pahina 1 nitong Kasunduan.
4. Ang Hindi na Magagamit ang Sasakyan ay mangangahulugang ang tuwirang at di-inaasahang pagkawala o pagkasira ng nakasegurong sasakyan, na sinasapat ang isa o higit pa ng mga sumusunod na karagdagang kondisyon:
   a) ang kabuuang halaga ng pagkumpuni ng nakasegurong sasakyan ay mas malaki kaysa sa o katumbas ng Umiiral na Halaga sa Pamilihan ng nakasegurong sasakyan; o
   b) ninakaw ang nakasegurong sasakyan at hindi ito nakuhang muli sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng pagkawala; o
   c) binayaran ng Primaryang Seguro batay sa hindi na magagamit ang sasakyan. Ang inyong hindi pagbayad sa primaryang seguro ay hindi makakaapekto sa aming obligasyon alinsunod sa Kasunduang ito.
5. Ang kahulugan ng Itinakdang Pamantayang Presyo Para Sa Mamimili ay ang parehong pamantayang presyo para sa mamimili na ginamit para itakda ang presyo para sa mamimili ng nakasegurong sasakyan sa petsa ng pagpapautang o sa umpisa ng pagpapautang, tulad ng NADA Retail Automobile Guide o Kelley Blue Blook o ang katumbas ng mga ito.
6. Ang Balanse ng Kontrata ng Pagbili nang Hulugan (ang "balanse" mula ngayon) ay mangangahulugang ang utang ninyo sa Dealer/Institusyong Pinansiyal/Nagpapautang mula sa petsa ng pagkawala, pero hindi sa ano't anuman mas malaki sa di pa nababayarang Balanse ng Kontrata ng Pagbili nang Hulugan na hinuhulugan alinsunod sa itinadhana sa Kontrata ng Pagbili nang Hulugan, pero hindi hihigit itong halaga sa 150% ng pinakamataas na mga katakdaan sa pakinabang alinsunod sa itinakda ng MSRP o ng Itinakdang Pamantayang Presyo para sa Mamimili, mula sa petsa ng Kontrata ng Pagbili nang Hulugan.
7. Ang Umiiral na Halaga sa Pamilihan ay manganghulugang:
   a) sa halaga ng nakasegurong sasakyan kasama ang buwis, titulo at lisensiya ayon sa itinakda ng inyong primaryang nagseseguro sa pamamagitan ng bayad sa hindi na magagamit ang sasakyan menos ang deductible ng primaryang seguro(; o
   b) kung sa panahon ng pagkawala ay walang nakalista para sa nakasegurong sasakyan, ang magiging Umiiral na Halaga sa Pamilihan ay ang halagang itinakda namin, batay sa pinakamabuting makukuhang impormasyon na pinatutunayan ang presyo para sa mamimili ng nakasegurong sasakyan mula sa petsa na hindi na magagamit ang sasakyan menos ang deductible ng primaryang seguro.(BIGYAN NG PANSIN: Itong addendum ay hindi nagbibigay ng pagseguro para sa mga halagang binawas sa settlement ng nagseguro sa naging resulta ng wear and tear, mga sira sa nakaraan, mileage, salvage, towing o pagkakaimbak)
   c) kung napagpasyahan na ang inyong primaryang kompanya ng seguro ay hindi nagbayad ng Umiiral na Halaga sa Pamilihan, at binigay namin sa inyo ang pagpapatunay na natuklasan sa aming pananaliksik, maaaring kailanganin ninyong kontakin ang inyong primaryang kompanya ng seguro at hilingin ang mas malaking bayad.

II. Kasunduan:

1. Kung sinabing ang nakasegurong sasakyan ay hindi na magagamit sa loob ng pinakamatagal na panahong walungpu't apat (84) na buwan, ang halagang ipauubaya ay magiging ang diperensiya sa pagitan ng (a) balanse na kailangan pa ring bayaran alinsunod sa kaugnay na Kontrata ng Pagbili nang Hulugan at (b) ang Umiiral na Halaga sa Pamilihan ng nakasegurong sasakyan na binabawas ang diperensiya nito pagkatapos ang (c) buong halaga ng anumang mga atrasadong bayad, lahat ng utang na dapat bayaran, mga singil para sa nahuhuling pagbayad, mga palugit sa Kontrata ng Pagbili nang Hulugan, mga singil para sa settlement, mga buwis para sa pagbibili, mga buwis para sa paggamit, mga security deposit, anumang mga ganansiya na maaaring makuha mula sa pagseguro, mga kontrata para sa serbisyo, mga palugit na garantiya o mga bagay na gaya nito, anumang mga singil para sa pangongolekta, mga singil para sa maagang pagwawakas, anumang mga singil na maaaring idinagdag sa di pa nababayarang balanse pagkatapos simulan ang Kontrata ng Pagbili nang Hulugan, mga interes na hindi pa kinita/mga bayad sa renta na hindi pa kinita at anumang (mga) deductible ng primaryang seguro na tinasa ng higit sa $1000 sa panahon na hindi na magagamit ang sasakyan (Maliban sa Arkansas na tungkulin pa rin ito ng Bumibili)), kapag sinasapat ang mga sumusunod ng kondisyon:
   a) Binigyan ninyo ang Administrador ng Kopya nitong Kasunduan;
   b) Kailangan ninyong ipagbigay-alam sa mga autoridad na nagpapatupad ng batas sa loob ng dalawamput-apat (24) na oras pagkaalam ninyong ninakaw ito na hindi na magagamit ang sasakyan;
   c) Kailangan ninyong ipagbigay-alam sa inyong primaryang seguro sa loob ng limang (5) araw pagkaalam ninyong hindi na magagamit ang sasakyan, o kung walang primaryang seguro, magbigay ng dalawang estimate ng sira sa sasakyan, at;
   d) Kailangan kayong magbigay ng pagpapatunay na hindi na nga magagamit ang sasakyan, kabilang ang mga dokumento na maaari naming hilingin sa Administrador sa loob ng isang makatwiring panahon, na karaniwang sa loob ng siyamnapung (90) araw mula sa petsang hindi na maggamit ang sasakyan.
   e) Kung sakaling hindi na maggagamit ang sasakyan, responsibilidad ninyong patuloy na bayaran ang inyong account hanggang mapagpasiyahan at mabayaran ang anumang kakulangan.
2. Ang pakinabang para sa Kapalit na Sasakyan: Kung sakaling walang di pa nababayarang balanse sa pagkakautang na gaya ng inilalarawan sa itaas, walang babayaran para sa kapalit na sasakyan.

III. Mga Pagtatakda Sa Kasunduan:

1. Kailangang nakaeschedule ang mga hulog sa bayad sa petsang nasa loob ng 45 araw mula sa Petsang Nagsisimula ang Kontrata ng Pagbili nang Hulugan. Kung nakaeschedule ang mga ito na magsisimula ng lampas sa 45 araw, itututing namin na ang unang hulog sa bayad ay binayaran 45 araw pagkatapos ng Petsang Nagsisimula ang Kontrata ng Pagbili nang Hulugan kapag itinatakda ang balanse para sa mga layunin ng pagkawala.
2. Hindi kasama ang anumang pagkawala maliban sa hindi na magagamit ang sasakyan, at ang anumang pagkawala na sanhi ng Inyong pandaraya, panlilinlang, kilos na ilegal o kriminal, maging mag-isa ninyong ginawa ito o kasabwat ang iba.
3. Ang Kasunduang ito ay para lamang sa pakinabang ng tao na nakarehistrong mamimili/customer ayon sa inilalarawan sa pahina 1 nitong Kasunduan, at hindi puwedeng italaga o ilapat sa ibang tao, hindi mababagong muli, at mapapawalang-bisa ayon sa mga nakatakda sa pahina 1 nitong Kasunduan. Maaari naming italaga ang benefit ayon sa Kasunduang ito sa isang Finance Company/May-hawak ng Lien. Kung itinalaga ito, babayaran namin ang benefit sa Finance Company/May-hawak ng Lien na tinutukoy dito.
4. Hindi kasama ang anumang pakawala na ang naging resulta ay hindi na magagamit ang nakasegurong sasakyan, dahil sa o resulta ng wear and tear, unti-unting pagkasira, hindi na masyadong ginagamit, kalawang, unti-unting pag-agnas ng metal, mga nakikitang sira, mga natatagong sira, sobrang lamig, uminit nang masyado, o naging resulta ng anumang pagkukumpuni, panunumbalik o pagreremodel, pagkasira sa pagkakayari, sa makina o pagkasirang elektrical maliban kung masunog o maaksidente, at kung gayon, para lamang sa pagkawalang o sirang pisikal na sanhi ng sunog o aksidente.
5. Hindi kasama ang anumang nasira sa nakasegurong sasakyan bago ang Petsang Nagsisimula ang Kontrata ng Pagbili nang Hulugan na naging isa sa mga dahilan na hindi na magagamit ang sasakyan.
6. Hindi kasama ang anumang pagkawala na ang naging resulta ay hindi na magagamit ang nakasegurong sasakyan dahil sa o resulta ng anuman sa mga sumusunod na dahilan:
   a) kilos na pagalit o palaban sa panahon ng kapayapaan o digmaan, kabilang ang kilos sa pagpipigil, pakikibaka, o ang pagtatanggol laban sa tunay, nalalapit o inaasahang pananalakay;
   b) anumang sandatang pangdigmaan na ginagamit ang atomic fission o puwersang radioactive, maging sa panahon ng kapayapaan o digmaan;
   c) insureksiyon, paghihimagsik laban sa pamahalaan, digmaang sibil, umagaw ng kapangyarihan o kilos ng pamahalaang may kapangyarihan sa pagpipigil, pakikibaka, o pagtatanggol laban sa ganitong pangyayari, pagkakasamsam o pagkakasira na nasa quarantine o mga regulasyon ng Adwana, pakakasamsam o pagkakakumpiska alinsunod sa iniuutos ng anumang pamahalaan o may-kapangyarihan na pambayan, mga panganib ng mga kontrabando o ilegal na transportasyon o pangangalakal;
   d) nangyari pagkatapos bawiin ang nakasegurong sasakyan, o
   e) nangyari sa labas ng Estados Unidos o Canada.
7. Mga Pinakamataas Na Katakdaan Sa GAP Kasunduan Sa Pagpapaubaya: Ang anumang Kontrata ng Pagbili nang Hulugan na hihigit sa walongput-apat (84) na buwan at may takdang $50,000 pananagutan, ay hindi karapat-dapat para sa GAP Kasunduan Sa Pagpapaubaya. At sa karagdagan, ang halagang ipauubaya ay hindi hihigit sa balanse menos ang halaga ng nakasegurong sasakyan kasama ang buwis, titulo at lisensiya alinsunod sa itinakda ng inyong primaryang seguro sa pamamagitan ng bayad para sa hindi na magagamit na sasakyan menos ang deductible ng primaryang seguro.
8. Ang anumang nagamit na sasakyan na hindi nakalista nang panahong iyon sa kasalukuyang Itinakdang Pamantayang Presyo para Sa Mamimili sa panahon ng financing o ang anumang truck o van na ang timbang a mas mabigat sa 10,000 libra (GVW) ay hindi karapat-dapat para sa GAP Kasunduan Sa Pagpapaubaya na ito.
9. Magwawakas ang lahat ng pagkakaseguro sa katapusan ng Kontrata ng Pagbili nang Hulugan hinggil sa bawat nakasegurong sasakyan o alinsunod sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon:
   a) ang pagbayad sa hindi na magagamit na sasakyan alinsunod sa Kasunduang ito;
   b) ang maagang pagkabayad sa Kontrata ng Pagbili nang Hulugan o ang refinancing ng pangunang utang;
   c) ang pagbebenta o paglilipat ng nakasegurong sasakyan sa ibang nakarehistong Mamimili/Customer o;
   d) ang petsang binawi ang nakasegurong sasakyan.

IV. Mga Kondisyon Sa Pagwawakas

Kung sakaling may isang claim, hindi na ibabalik sa inyo ang binayaran ninyong singil para sa kasunduang ito. Kung wala, puwede ninyong kanselahin itong kasunduan sa loob ng unang tatlumpung (30) araw at ibabalik sa inyo ang lahat ng inyong binayad. Pagkatapos ay puwede ninyong kanselahin itong kasunduan sa pamamagitan ng pagbalik ng orihinal na kopya sa Administrador kasama ang inyong nakasulat na pahayag kung anong petsa sa hinaharap nais ninyong gawin ang pagkansela. Kakalkulahin ang halagang ibabalik sa inyo ayon sa Pro-rata (o ayon sa paraang inuutos sa INYONG estado), menos ang $25 na singil para sa pagkansela. Ibabayad sa may-hawak ng lien ang mga halagang ibabalik ayon sa kasunduang ito kung hindi na magagamit ang sasakyan, at kung binawi ang inyong sasakyan. Gayon pa man, kung sakaling Hindi na Magagamit ang Nakasegurong Sasakyan, hindi na ibabalik sa customer ang binayarang singil para sa Addendum.

Para makatanggap ng refund para sa pagkansela, kung sakaling matapos nang maaga ang kontrata dahil binayaran nang buo ang pagkakautang o dahil sa pag-refinance sa unang utang, kailangan Ninyo Kaming padalhan ng nakasulat na abiso tungkol sa maagang pagtatapos ng inyong pagkakautang. Kailangan ninyong ipadala ang abiso sa Administrador sa direksiyon na nakasulat sa pahina 1 nitong Kasunduan. May karapatan kaming humingi ng pagpapatunay ng petsa ng pagtatapos ng pagkakautang. Kung may mga katanungan kayo tungkol sa kung paano makakuha ng refund, tawagan ang 1- 800-346-6469.

V. Mga Kinakailangan Sa Settlement:

Kailangang ipagbigay-alam sa Administrador ang lahat ng settlement alinsunod sa Section II sa itaas. Kung kailangan ninyo ng karagdagang impormasyon o may mga katanungan kayo tungkol sa mga tadhanang o kondisyong ito, mangyaring tawagan o sulatan ang Administrador sa numero at direksiyon na nasa pahina 1 nitong kasunduan.

VI. MGA ITINATAKDA NG ESTADO:

Binabago sa pamamagitan nito ang anumang mga tadhana at kondisyon nitong Kasunduan na laban sa mga batas ng estado na kung saan ginawa ang Kasunduan para sumunod sa mga batas na ito.